NYC Mayor's Office of Immigrant Affairs

# Korte ng Imigrasyon 101

Tagalog | Tagalog

Sa **korte ng imigrasyon**, may pagkakataon kang ipagtanggol ang iyong kaso sa harap ng isang hukom sa imigrasyon at ipakita kung bakit dapat kang pahintulutan na manatili sa Estados Unidos. Kung matalo ka sa iyong kaso sa korte ng imigrasyon, maaari kang maghain ng apela.

**Maaari kang ma-deport, kung:**

- natalo ka sa korte ng imigrasyon at hindi ka umapela,
- umapela ka at natalo.

## Sinu-sino ang nandoon sa korte ng imigrasyon?



- Mayroong **Hukom ng Imigrasyon** na magpapasya kung ikaw ay pinahihintulutan na manatili sa Estados Unidos.
- Mayroong **abugado** na nagtatrabaho sa gobyerno. Kakatawanin nila ang gobyerno ng Estados Unidos. Hindi sila nagtatrabaho para sa iyo.
- **Kung may abugado ka**, palagi silang pinapayagan na makasama mo sa korte, at maaaring tumawag at bumisita sa iyo.

**Tandaan: Hindi ka bibigyan ng gobyerno ng abugado, pero maaari kang kumuha ng abugado para kumatawan sa iyo sa korte.**

## Pag-alam ng petsa ng iyong korte ng imigrasyon

- Para malaman ang petsa ng iyong korte, kakailanganin mo ang iyong A-numero (A-number). (Halimbawa: A 000-000-000). Ang numerong ito ay ibinibigay ng gobyerno at makikita sa mga dokumento ng imigrasyon.
- Suriin ang impormasyon para sa iyong pagdinig sa pamamagitan ng paggamit ng Awtomatikong sistema ng Impormasyon sa Kaso (Automated Case Information system). Narito ang dalawang paraan:
    - Tawagan ang Hotline sa 1-800-898-7180. Ilagay ang iyong A-numero at sundin ang mga tagubilin ng operator.
    - Bisitahin ang webpage: https://acis.eoir.justice.gov/en/. I-type ang iyong A-numero sa search box at i-click ang "Enter" (Ilagay).

**Nagbibigay lamang ng pangkalahatang impormasyon ang flyer na ito. Hindi ito legal na payo. Kumunsulta sa isang abugado para sa legal na payo.**

Mayor's Office of Immigrant Affairs

# Korte ng Imigrasyon 101

Tagalog | Tagalog

## Pagpapalit ng iyong pagdinig nang harapan sa isang pagdinig na virtual/sa telepono

Kung nais mong palitan ang iyong pagdinig nang harapan sa korte ng imigrasyon sa online o telepono na format, dapat kang maghain ng pormal na kahilingan sa korte. Mahalagang isumite ang kahilingan sa lalong madaling panahon bago ang susunod na naka-iskedyul na petsa ng pagdinig. Kapag gagawin ito, dapat mong tandaan na **kumunsulta sa isang abugado**.



- Dapat magmula sa isang abugado ang legal na payo, na maaaring tumulong sa paghahanda at paghahain nang tama ng mga kinakailangang papeles.
- Kailangan mong maghain ng Panukala na Palitan ang Format ng Pagdinig (Motion to Change Hearing Format) sa korte. Susuriin ng hukom ng imigrasyon ang kahilingan at aabisuhan ka o ang iyong abugado ng desisyon.
- Kung naaprubahan ang panukala, ang pagdinig ay magiging online; kung ito ay tinanggihan, ang pagdinig ay mananatiling harapan.

## Paghahanap ng Legal na Kinatawan

Sa mga nakalipas na buwan, may mga ulat ng aktibidad ng pagpapatupad ng imigrasyon sa loob ng mga korte ng imigrasyon. Maaaring gusto mong magkaroon ng plano sakaling ikaw ay na-detain. Kung may mga tanong ka, makipag-usap sa isang abugado.

**Para sa libre at kumpidensyal na tulong legal sa imigrasyon, tawagan ang Hotline ng Legal na Suporta sa Imigrasyon ng Opisina ng Alkalde sa mga Isyu ng Imigrante (Mayor's Office of Immigrant Affairs, MOIA):**

**1-800-354-0365**

Lunes hanggang Biyernes, 9AM hanggang 6PM    Available ang interpretation

May listahan ang bawat korte ng imigrasyon ng mga libre o murang mga provider ng legal na serbisyo sa imigrasyon sa malapit.

I-scan ang QR code para hanapin nang maaga ang listahan ng mga libreng legal na organisasyon ng imigrasyon malapit sa iyong korte o bisitahin ang: www.justice.gov/eoir/list-pro-bono-legal-service-providers

**Nagbibigay lamang ng pangkalahatang impormasyon ang flyer na ito. Hindi ito legal na payo. Kumunsulta sa isang abugado para sa legal na payo.**